# *Pagkilala Sa Espiritu*

Makalangit naming Ama, nais ko lang pong ihayag, kung makakaya ko, sa umagang ito, kung papaanong sa puso ko ay ganoon na lamang ang damdamin ko sa Isa na ito, na Kabanal-banalan sa Banal, na bumaba rito sa lupa, at tinubos ang isang makasalanan na tulad ko. At nakatitiyak po ako na ang mga ministro na narito ngayon, ay ganoon din ang nararamdaman, na ito'y sa pamamagitan talaga ng Iyong biyaya na kami'y pinaging mga ministro ng tipan na ito, na ipinagkaloob Mo sa nahulog na lahi ni Adan. At narito po kami sa umagang ito, Ama, na nagkakatipon para sa wala nang ibang kadahilanan kundi ang alamin, at ang pag-aralan upang—upang malaman, ang ibig kong sabihin, ang kalooban ng Diyos at kung ano po ang dapat naming gawin upang mailahad na totoong-totoo si Cristo sa mga tao sa henerasyon na ito. Yamang nababatid na sa araw ng Paghatol, ay ilalagay kami nang harap-harapan sa henerasyong ito. At, bilang mga ministro, kami'y magiging mga tagahatol. At sa mga tao na pinangusapan namin, at ang kanila ngang pakikitungo sa Salita na dinala namin sa kanila, ang magdedetermina ng kanilang Walang Hanggang patutunguhan. Kaya, Panginoon, sa araw na 'yun ay magiging tagahatol kami para sa o laban sa henerasyon na pinangaralan namin.

2 Diyos Ama, nawa, sa pamamagitan ng Pangalan ni Jesus, ay ibunsod kami na di makapagsabi ng isang salita man na mali. Bagkus magkaroon nawa kami ng tapat na mga puso at bukas na mga pag-iisip na matanggap namin ang mga bagay na Ito na sa Iyo, nang sa gayon ay makahayo kami sa aming iba't ibang dako ng paggawa, pagkatapos ng araw pong ito, at—at kami'y mas lalo pang masangkapanan maigi dahil sa aming pakikipagtagpo sa Iyo sa umagang ito. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon. Iyo po bang itutulot na pumarito at maging ang aming tagapagsalita mismo at aming mga tainga, at aming dila at aming mga pag-iisip? Nawa ang pagbubulay ng aking puso, pag-iisip ng aking isip, lahat ng nasa akin, at sa mga kapatiran at kapatid na babae, nawa'y maging katanggap-tanggap ito sa Iyong paningin, Panginoon, na kami'y mapuspos nang husto at makargahan ng Iyong Espiritu, ng Iyong Presensya rito, na ang silid na ito'y maging. . .ang silid po, kung tutuusin ay hamak na gusali lamang na kinaroroonan namin, ngunit gusali pa rin kung saan narito kaming buhay, ay maging pinaglakip na ulap ng Kaluwalhatian ng Diyos. Nawa sa pag-alis namin sa dakong ito sa umagang ito'y puspos na puspos kami ng Espiritu Santo na kami'y maging mas pursigido pa kaysa noon sa buong buhay namin na dalhin ang Mensahe sa naghihingalong henerasyon

na ito na kinabubuhayan namin. Iyo pong pakinggan kami, Panginoon, at mangusap sa amin sa pamamagitan ng Iyong Salita, sapagkat hinihiling po namin ito sa Pangalan ng Iyong Anak at aming Tagapagligtas, na si Jesus Cristo. Amen.

3 Nais ko pong bumasa, sa umagang ito, ng—ng bahagi ng Kasulatan na matatagpuan sa Mga Awit, sa ika-105 Awit. Nais kong bumasa ng bahagi lang. Sa inyo po na inililista ang mga Kasulatang binabasa; nakikita ko na marami kayo riyan; at yamang mga ministro po tayo't iba pa. Haya't kay inam nga na basahin ang Salita.

At, ngayon, ano pong oras ang kadalasan na tapos nila, mga alas dose ba? Uh-hum. Ano po? Sige salamat.

Mga Awit 105:

> *Oh magpasalamat kayo sa PANGINOON; kayo'y magsitawag sa kaniyang pangalan: ipabatid ninyo ang kaniyang mga gawain sa mga bayan.*
>
> *Magsiawit kayo sa kaniya, magsiawit kayo sa kaniya ng mga pagpuri: salitain ninyo ang lahat niyang kagilagilalas na mga gawa.*
>
> *Lumuwalhati kayo sa kaniyang banal na pangalan: mangagalak ang* mga puso *nila na nagsisihanap sa PANGINOON.*
>
> *Hanapin ninyo ang PANGINOON, at ang kaniyang kalakasan: hanapin ninyo ang kaniyang mukha magpakailan man.*
>
> *Alalahanin ninyo ang kaniyang kagilagilalas na mga gawa na kaniya* ngang *ginawa; ang kaniyang mga kababalaghan, at ang mga kahatulan ng kaniyang bibig;*
>
> *Oh ninyong binhi ni Abraham na kaniyang* mga lingkod, *ninyong mga anak ni Jacob, na kaniyang mga hirang.*
>
> *Siya ang PANGINOON nating Dios: ang kaniyang mga kahatulan ay nangasa buong lupa.*
>
> *Kaniya* ngang *inalaala ang kaniyang tipan magpakailan man, ang* mga salita *na kaniyang iniutos sa libong sali't saling lahi.*
>
> *Ang tipan na kaniyang ginawa kay Abraham, at ang kaniyang panunumpa kay Isaac;*
>
> *At pinagtibay yaon kay Jacob na pinakapalatuntunan, sa Israel na pinakawalang hanggang tipan:*
>
> *Na sinasabi, Sa iyo'y ibibigay ko ang lupain ng Canaan, ang kapalaran na iyong mana:*
>
> *Nang sila'y kaunti lamang tao sa bilang; oo, totoong kaunti, at nangakikipamayan doon.*

> *At sila'y nagsiyaon sa bansa at bansa,* at *mula sa isang kaharian hanggang sa ibang bayan;*
>
> *Hindi niya tiniis ang sinomang tao na gawan sila ng kamalian: oo, kaniyang sinaway ang mga hari* dahil *sa kanila;*
>
> *Na sinasabi, Huwag ninyong galawin ang* aking *pinahiran ng langis, at huwag ninyong gawan ng masama ang mga propeta ko.*

4 Nawa'y pagpalain ng Panginoon ang pagbasa ng Kanyang mga Salita. May ilan akong mga Kasulatan na nailista rito sa isang dako rito na babalingan ko marahil sa pagtugaygay ko.

5 Iniisip ko, ngayong araw na ito, kung sino ba ang susunod na magiging Presidente? Malapit na ang eleksyon, alam n'yo. Sino kaya ang magiging Presidente sa susunod na terminong ito? Ano po kaya kung nalalaman ko? Haya't may isa lang na nakakaalam, at 'yun ay Diyos. At ano kaya kung ihayag sa akin ng Diyos kung sino ang susunod na magiging Presidente, tapos tatayo ako rito sa Phoenix at ipapahayag ko ang hulang 'yun na si ganito-at-ganoon ang susunod na magiging Presidente ng Estados Unidos? Haya't ilalagay nila 'yun sa mga pahayagan at iba pa, at talagang saktong-sakto hanggang sa pinaka tuldok. Na saktong-sakto talaga, at mangyari nga na lahat ng sinabi ko ay magkakatotoo talaga. Pero anong mabuti ang maibubunsod nun? Ano ngang mabuting dulot nun, siyanga, kung magagawa ko—kung magagawa ko ang bagay na gaya nun? Iaanunsyo 'yun ng mga diyaryo, at lalaganap 'yun marahil, kung may tao na makakahula ng ganoon at tapos ay magkakatotoo, lahat nga ng mga pahayagan at mga magasin ay—ay ipapakalat 'yun.

6 Pero alam n'yo na di ganoon ang paggawa ng Diyos sa mga bagay-bagay, di ginagamit ng Diyos ang kapangyarihan Niya at mga kaloob Niya sa walang kabuluhang bagay. Mangyayari ang mangyayari, na sinuman ang magiging Presidente, siya ang magiging Presidente. At ang malaman kung sino ang magiging Presidente, haya't wala nga 'yung maibubunsod na tulong sa atin maski isang sentimo. Wala ngang maibubunsod sa atin na kaunti mang pakinabang kung malaman natin kung sino ba ang magiging Presidente. Kaya, mangyari, na di ginagawa ng Diyos ang mga bagay na gaya nun.

7 At, hayan din, na kung makapanghuhula ako ng gaya nun, at 'yun ay mangyayari, at magiging laman 'yun ng mga diyaryo, at mga magasin, hayan nga na magiging sa kapurihan *ko* 'yun. Sasabihin ng mga tao, "Tingnan n'yo kung gaanong kadakilang propeta si Kapatid na Branham. Nasabi na niya sa atin bago pa 'yun mangyari nang matagal-tagal na kung sino ang magiging Presidente." At magiging kapurihan ko nga 'yun. Pero di nga ibig ng Diyos. . .Wala sa interes Niya na gumawa para sa kaluwalhatian ko, o para sa—para sa kaluwalhatian ng kung

sinong ibang tao. Ang interes Niya'y gumawa ng mga bagay-bagay para sa Kanyang kaluwalhatian, bagay na magiging kapakinabangan.

8 Gaya ng sinabi ni Pablo, "Kung makapagsalita tayo sa iba't ibang wika at wala tayong tagapagpaliwanag, anong mabuti ang maidudulot nun? Niluluwalhati lang natin ang ating mga sarili," at, 'yun nga'y, o "mataas lang ang ating sarili." Yun nga'y medyo lihis sa pagkakalinya para sa Diyos. Ang nais ng Diyos ay Siya Mismo ang mataas. At di dapat natin hangad na mataas ang ating sarili, bagkus Diyos ang mataas sa lahat ng ginagawa natin.

9 Kaya naman, naniniwala ako sa umagang ito, na kung malaman ko man kung sino 'yun at kailan siya mahahalal, at, oh, gaanong karaming boto ang lamang o kulang, o anuman, wala ngang mabuting maidudulot na sabihin 'yun. Mas mainam na itago ko na lang sa sarili ko sakaling nalalaman ko 'yun. Di 'yung igigiit mismo na malimbag 'yun, dahil wala naman—wala naman talagang rason para gawin ko 'yun. Dahil, mangyayari't mangyayari, ano't anuman, at wala ngang magiging masyadong kaibhan sa atin kung sino man ang maging Presidente.

10 Haya't, ang Diyos, kapag ginagamit Niya ang Kanyang mga kaloob, ginagamit Niya ang mga ito sa Kanyang kaluwalhatian mismo, at para sa kaluwalhatian ng Kanyang hirang, para sa kaluwalhatian ng Kanyang Iglesya, para sa pagpapatibay ng Katawan ni Cristo, at para sa kaluwalhatian ng Kaharian ng Diyos. Yan ang dahilan kung bakit nagkaloob Siya ng mga bagay sa Kanyang Iglesya, kung bakit may mga guro Siya, mga propeta, mga ebanghelista, mga pastor. At sila'y para mismo sa pagpapatibay ng Iglesya at para sa kaluwalhatian ng Diyos. Ang propeta'y di dapat lumalabas at nakikihalubilo sa mundo at para bang tatanggap pa ng pabuya tulad ni Balaam noon, at magbubunsod ng kaguluhan o—o magkakapera pa mula roon o kung ano. Kung siya'y propeta, ang dapat niyang gawin ay ang ihayag ang Diyos sa Iglesya at lumayo sa mga bagay ng mundo. Ang lahat ay dapat na sa kaluwalhatian ng Diyos!

11 Ngayon tayo nga'y may. . . at sa palagay ko ay napaka inam sa atin, na mga ministro, na tumalima sa inatas sa atin, kapag nakikita natin ang mga bagay-bagay na 'yan sa mundo gaya ng nakikita natin sa panahon ngayon. At may atas nga tayo mula sa Diyos, na inilaan para sa pagkilala sa mga espiritu, subukin ang espiritu. Naniniwala po ako na napaka halagang aral 'yan para sa iglesya sa panahon ngayon, ang subukin ang espiritu ng anumang bagay, magkaroon ng pagkilala sa espiritu. Sa tingin ko nga'y di dapat tayo, sa anumang kadahilanan, huhusga sa tao base sa denominasyon na kinabibilangan nila, o sa grupo kung saan sila nakikipagtipon, gayong sila man ay Methodist, Baptist, Presbyterian, Pentecostal, o—o anuman sila. Hinding-hindi dapat tayo humuhusga sa tao base sa denominasyon na

kinabibilangan niya. Ang dapat ay nakabase tayo sa espiritu na naroon sa kanya, kita n'yo, sa espiritu. Siya ma'y latter rain o former rain o inner, outer rain, o no rain man, o anuman siya, hinding-hindi dapat tayo humuhusga sa tao base dun, kundi, base sa kanyang espiritu. Dapat espiritu ang siyang kinikilala natin. Bantayan n'yo kung ano ang nasa diwa ng tao na ito, kung ano ang nasa . . . kung ano ba ang sinisikap niyang abutin. Kung ang tao bang ito, base sa kaloob, gaano mang kadakila ang kaloob na 'yun . . .

12 Ngayon gusto kong makuha ito ng Iglesya sa umagang ito, na, sa iba't ibang denominasyon ay kayo'y Iglesya pa rin ng buhay na Diyos, lakip-lakip. At ito 'yung bagay na gusto kong iparating mismo sa inyo, kita n'yo, na di naman tayo hati kung tutuusin. Tayo'y mga bato na tinagpas na iba't iba ang porma, na ang lahat ay para sa kaluwalhatian ng Diyos.

13 Ngayon, napakarami sa panahon na kinabubuhayan nating ito, na nakatuon ang pansin sa "mga kaloob." Napakaraming tao ang nakabase sa mga kaloob na taglay ng iba. Buweno, naniniwala naman ako na mga kaloob ang mga bagay na ito. Naniniwala naman ako na ang mga bagay na nakikita natin na nangyayari ay mga kaloob, at bigay pa nga ng Diyos ang mga kaloob na ito. Pero, tayo, kung di natin gagamitin ang mga ito sa tamang pamamaraan na intensyon ng Diyos para gamitin natin, kung ganun ay baka mas makasama pa tayo sa pagtaglay ng mga kaloob na ito kaysa sa di natin taglay ang mga kaloob na ito. Nung isang gabi ay may nasabi akong pahayag sa may pulpito, na sinasabi ito, na mas pipiliin ko pang pag-iibigan ng magkakapatid ang nakikita ko na mayroon sa kalagitnaan ng iglesya, kung wala man tayong kaso ng pagpapagaling o ano man na iba. Kita n'yo, kinakailangan kasi na nalalaman natin kung para saan ang mga ito.

14 Ngayon, kung may dadako rito't may dakilang kaloob siya, kahit na sa denominasyon pa natin dito siya kabilang o ibang denominasyon, huwag n'yong husgahan siya base sa kung saan bang denominasyon siya nanggaling, o sa kung papaano ba siya manamit, bagkus ang dapat na tingnan n'yo ay kung ano bang sinisikap niyang mangyari sa kaloob na 'yun. Kung ano ba ang layunin niya. Kung ang pakay niya'y gamitin ang impluwensya niya't itaguyod ang sarili na maging malaking pangalan mula roon, ako nga'y may sapat na pagkilala sa espiritu na alam ko agad na may kung anong bagay na mali roon. Kahit na gaano pang kagaling na tagapagturo siya, gaano man ang kakayahan niya, gaano mang kaintelektuwal siya, o kung gaano man ang pag-iral ng kaloob niya, kung ang sinisikap niyang maabot ay di sa kapakinabangan ng Katawan ni Cristo, haya't sarili n'yo na mismong pagkilala sa espiritu ang magsasabi na may bagay talaga na mali. Kahit na gaano pang katumpak, gaano pang perpektong-perpekto, gaano man 'yun, haya't mali kung hindi

'yun nagagamit para sa Katawan ni Jesus Cristo.

15 Na may inaabot na bagay, marahil may kahanga-hangang kaloob siya na nagagawa niyang tipunin ang mga tao gamit ang kanyang kahanga-hangang intelektuwal o espirituwal na kapangyarihan, na nagagawa niyang tipunin ang mga tao, at marahil ginagamit niya ang kaloob na 'yan at ibinubunsod ang sarili na matanyag para magkaroon siya ng malaking pangalan, nang sa gayon 'yung ibang mga kapatiran ay tingalain siya bilang tinitingalang tao. Kung ganun ay mali 'yun. Marahil ang pakay niya talaga ay—ay mataas ang kung anong bagay rito na ang gusto niya'y mawala sa eksena ang lahat at siya't ang grupo niya ang mapansin sa eksena. Mali pa rin 'yun, kita n'yo.

16 Pero kung may kaloob siya ng Diyos at ang sinisikap niya'y pagtibayin ang Katawan ni Cristo, kung ganun ay di mahalaga sa akin kung saan siya kabilang. Ang pagkakakilanlan ay di sa tao, ang pagkakakilanlan na dapat n'yong gawin ay sa espiritu, 'yung buhay na naroon sa tao. At 'yun ang sinabi sa atin ng Diyos na gawin. Kailanman ay di tayo naatasan na—na grupo ng tao ang gagawin nating pagkakakilanlan. Mangyari ngang inatasan tayo at iniutos ng Diyos na kilalanin ang espiritu ng tao, kung ano ba ang pakay gawin ng tao, kung ano 'yung pakay nung espiritu na nasa buhay niya na pinangungunahan siya na gawin. At pagkatapos kung makita natin na ang pakay niyang gawin ay pangunahan ang mga tao (di 'yung maiwatak-watak sila, bagkus ay mapaglakip-lakip sila) at ang dalhin ang Iglesya ng buhay na Diyos, hindi sa iisang denominasyon na madala ang lahat, kundi madala sa isang kaunawaan, isang pagbubuklod, isang paglalakip sa espiritu. Kaya naman kung siya'y former rain o latter rain, o anupaman siya, ang espiritu niya't layunin niya ay tama. At 'yung espiritu na nasa kanya, kahit na saan pang kilusan siya kabilang, ang Espiritu na nasa kanya'y nagsisikap na ibaling ang mga tao tungo sa Kalbaryo, palayo mula sa sarili niya o palayo sa anupamang ibang bagay, yamang ang kanyang tanging inaabot ay ang ituro sila tungo sa Kalbaryo. Hindi niya iniisip kung siya ba'y magiging kilala o hindi. Di niya iniisip kung dun sa sarili niyang kilusan...na mainam naman, kita n'yo, mabuti 'yun, siya man ay Methodist, o isang Presbyterian, o Romano Katoliko pa nga, o anupaman ang pakilala niya sa sarili base sa denominasyon.

17 Pero nakabase nga mismo sa kung ano ang sinisikap niyang gawin, ano ba 'yung layunin na nasa puso niya na sinisikap niyang makamit? Mangyari nga na makikita n'yo kung ano ang nasa buhay ng taong ito, kung ang motibo ba niya'y para lang sa kanyang—kanyang denominasyon, kung 'yun ba'y para lang sa sarili niya, kung 'yun ba'y para maging sikat sa mundo, kung 'yun ba'y para makilala nang husto ang pangalan, na sinasabi, "Ang hula ko'y *ganoon*, at 'yun mismo ang saktong nangyari." Ngayon, dun pa lang ay makikita n'yo nang maling-mali na, sa

simula't sapul pa lang. Pero kung ang sinisikap niyang gawin ay magamit ang ibinigay sa kanya ng Diyos, bilang guro, bilang propeta, bilang tagakita . . .

18 Ang isang propeta ng Bagong Tipan ay isang mangangaral. Alam nating lahat 'yan. Sinumang ministro na mangangaral ay isang propeta, isang propeta ng Bagong Tipan, kung siya ay nakakapagpropesiya, nakakapangaral, na di itinataas ang sarili para maging kilalang pangalan, o itinataas ang organisasyon niya. Na, siya nama'y dapat na kabilang sa isang organisasyon. Haya't heto nga ako na wala, pero ipinapangaral ko sa inyo na kayo dapat ay mayroon. Ganun nga. Bawat isa'y kinakailangan na may iglesyang maituturing na tahanan. Kinakailangan na may lugar kayo talaga, hindi 'yung palutang-lutang kayo mula sa isang haligi't lilipat sa isa pa, bagkus ay magkaroon talaga ng isang dako kung saan dun kayo nagpupunta para magsimba at itinuturing n'yong simbahan talaga, dako kung saan doon kayo nagbibigay ng ikapu n'yo, at dako kung saan tumutulong kayo para itaguyod ang Layon. Sige't saanman 'yan na pinili n'yo, pero huwag na huwag n'yong itatakwil sa pagbubuklod ang ibang tao dahil lang sa hindi siya kasapi ng grupo n'yo. Kita n'yo? Kilalanin n'yo ang kanyang espiritu at siyasatin n'yo kung may ganoon din siyang layunin sa puso, mangyari nga na may pagbubuklod kayo sa isa't isa. Kapwa kayo kumikilos para sa isang dakilang Layon. At 'yun ang layon ni Cristo. Sa tingin ko ay 'yan ang ganap na katotohanan.

19 Ngayon, kung papansinin natin ang mga motibo at pag-uukol ng mga propeta ng Lumang Tipan, ang mga kalalakihan na 'yun ay may isang pag-uukol, at 'yun ay si Jesus Cristo. May isang bagay lang sila na buong tema kung saan nakapaikot ang Lumang Tipan, 'yun ay ang pagdating ng Mesiyas. Sila—sila'y di naglipana na gagawa ng mga bagay-bagay para magkapera o para matanyag. May isang bagay lang sila, sila'y pinahiran ng Espiritu ng Diyos, at inihula nila ang pagdating ng Mesiyas. At ang mga kalalakihan na 'yun ay puspos na puspos ng Espiritu na anupa't nagbunsod sa kanila sa ilang pagkakataon na sila'y kumilos bilang ang Espiritu na nasa kaibuturan nila, na para bang ang pinatutungkulan nila sa pangungusap nila'y sarili nila. Masdan n'yo kung papaano pinakilos ng Espiritu ng Diyos ang mga kalalakihan na ito.

20 Buweno kunin na lang nating, halimbawa, si Moises, ang dakilang propeta, kung papaano nga na ang lalaking ito'y wala siyang pansariling pakay na anuman. Maaari namang siya ang naging hari ng Egipto. Maaari ngang ang buong mundo'y nasa ilalim sana ng kanyang mga paa. Pero dahil sa siya'y propeta sa kaibuturan ng puso, tumanggi siya na matawag na anak ng anak na babae ng Faraon, na mas piniling danasin ang hirap ng pag-uusig at pagsubok kay Cristo, na inaring malaking yaman ang yaman ng Langit kaysa sa yaman ng Egipto. Tinalikuran

niya't tinanggihan mismo ang makamundong katanyagan, ng luho at mga—mga bagay na inaalok ng buhay sa ganoon. Siya'y kinailangan na tumingin lampas dun. Kita n'yo, maaari naman na kanyang—kanyang nakamit ang mga 'yun.

21 Ipagpahalimbawa n'yo na lang ang ministro sa panahon ngayon, kung siya'y may bautismo ng Espiritu Santo, at batid niya na kung ipangangaral niya ang Salita na 'yun, sisibakin nun ang kanyang kasikatan na bumagsak; siya'y ilalagay nun sa isang munti't maliit na simbahan sa kung saan, o marahil sa lansangan na mismo. Pero batid nga niya na may kung anong bagay sa puso niya na nag-aalab. Nakikita niya ang Pagparito ng Panginoon. Di niya alintana kung may malaki man siyang simbahan o maliit na simbahan. Di niya alintana kung ngayon bang araw na ito'y may kakainin siya o walang kakainin na pagkain. Di niya alintana kung may magandang damit ba siya na maisusuot o walang magandang damit na maisusuot. Ang isip niya'y nakatuon lang sa isang bagay, at 'yun ay ang Buhay mismo na nasa kaibuturan niya na tumatawag nang malakas. Hayan nga siya na nagsusumikap na maabot ang isang bagay para sa kaluwalhatian ng Diyos, at ang taong 'yun, sa paggawa nun, ay ikikilos at ikikilos ang mismong Buhay ng Espiritu na naroon sa kanya. Nasusundan n'yo ba ako? Ikikilos at ikikilos niya ito.

22 Tingnan n'yo si Moises nung marating niya 'yung punto na 'yun na ang ipinapakita niya, sa buong buhay niya na malantad ay ang Espiritu ni Cristo, dahil nasa kanya si Cristo. Si Cristo'y nakay Moises, sa sangsukat. Ngayon, kung mapapansin natin, ipinanganak siya sa panahon ng pag-uusig. Ang mga paslit ay pinapatay noon na siya ang punterya, saktong-saktong katulad ng ginawa nila noon kay Jesus. At nakita rin natin na nung siya'y madako sa punto na ang mga anak ni Israel ay grabe mismo ang pagsuway na ang Diyos ay nagalit nang husto sa kanila, at sabi Niya kay Moises, "Tumabi ka at lilipulin Ko silang buo, at kukunin Kita't magpapausbong ng panibagong henerasyon."

23 Itinambad ni Moises ang kanyang sarili sa mismong daan ng paghatol ng Diyos, at nagsabi, "Lipulin Mo muna ako bago Mo sila malipol." Sa madaling sabi, "Bago Mo sila malipol ay dadaan Ka muna sa akin."

24 Ganoon mismo ang ginawa ni Jesus Cristo. Hayan nga na lilipulin sana ng Diyos ang lahat ng mga makasalanang ito sa ibabaw ng mundo, kayo at ako, pero itinambad ni Cristo ang Kanyang Sarili sa daan. Di na magagawa ng Diyos, dahil di Niya puwedeng lipulin ang Kanyang sariling Anak.

25 At mangyari nga na nung makita ng Diyos ang Espiritu na 'yun kay Moises, na hayung nakabinbin sa paghatol katulad ng isang nakadipang krus doon, "Di muna sila ang papatawan Mo, ako muna ang papatawan Mo," nakikita n'yo ba ang Espiritu ng Diyos na nakay Moises? Gayong puwede namang naging

hari sana siya ng Egipto, gayong puwede namang napasa kanya ang bawat luho ng sanlibutan, maging sikat, gayong puwede namang naging bigating hari siya ng sanlibutan noong panahon na 'yun. Pero pinili niya na batain ang paghihirap ng pag-uusig at pagpapakasakit, dahil inari niyang higit na yaman ang kadustaan ni Cristo kaysa sa yaman ng Egipto. Kita n'yo, itinambad niya ang kanyang sarili sa daan. Bakit? Ang Diyos kasi na naroon kay Moises ang nagbunsod nun. Sa normal na pag-iisip, ng intelektuwal na tao'y hinding-hindi niya 'yun gagawin, pipiliin niya ang mas madaling ruta. Kaya kahit na gaano pang magmukhang panatiko si Moises, dahil sa sinisikap niyang. . .Kita n'yo, siya'y tunay na propeta ng Diyos, dahil sa pagsisikap niya na maabot ang isang bagay para sa Kaharian ng Diyos.

26 Ngayon, taglay-taglay ang dakilang kaloob niyang 'yun ng pagpropropesiya maaari naman siyang naging lalaking pantas na lang sana, marahil tatayo sa Egipto at magsasabi, "Ngayon abangan n'yo, ipropropesiya ko ang ganito-at-ganoon. Sinasabi ko ang ganito-at-ganoon," at gayon ang propesiya niya. Pero 'yun nga'y. . .at, oh, baka naging sikat pa sana siya sa buong mundo. Pero hindi nga 'yun ang nasa puso niya. Hindi maaari na 'yun ang nasa puso niya.

27 Kaya kung may makikita kayong tao na may dakilang kaloob, na nagtatangkang gumawa ng isang bagay para sarili nila ang maluwalhati, 'yang sarili n'yong pagkilala sa espiritu ang magsasabi sa inyo na mali 'yun. Pero hayan nga na ang sinisikap na makamit ni Moises ay para sa kaluwalhatian ng Diyos. Kahit na gaano pang kasama 'yun; gaano pang kasama 'yun sa paningin, gaano pang usap-usapan 'yun, yaong Espiritu na naroon kay Moises ang gumabay sa kanya diretso tungo sa pagganap ng tungkulin. Yaong Espiritu na naroon sa kanya!

28 Tingnan n'yo si Joseph, si Joseph nga'y. . .nung ipanganak siya, siya'y sinisinta ng ama at kinamumuhian ng kanyang mga kapatid, ganap na tipo ni Cristo. At ang tanging. . .siya nama'y kapatid sa dugo nila, parehong ama. Pero ang dahilan kung bakit kinamumuhian siya ng mga kapatid niya, nang wala man lang dahilan, ay dahil ginawa siya ng Diyos na isang propeta, espirituwal, isang tagakita. At sa ganun lang na kadahilanan nila siya kinamuhian. Pero di nga kayang ikaila 'yun ni Joseph, dahil, ginawa siya ng Diyos na ganoon.

29 At tingnan n'yo 'yung Espiritu ng Diyos na naroon kay Joseph. Masdan n'yo kung anong ginawa niya. Mangyari nga na inakto niya ang bahagi ni Cristo roon. Kinamuhian siya ng mga kapatid niya, sinisinta ng kanyang ama, dahil sa Espiritu na 'yun na nagbunsod ng pagkakaiba. Siya'y espirituwal na lalaki. Nakakita siya ng mga pangitain, nagpaliwanag siya ng mga panaginip. Di niya ginawa ang mga bagay na ito para sa sarili niyang kaluwalhatian. Ginawa niya 'yun dahil may kung anong

bagay na naroon sa kaibuturan niya, ang Espiritu ng Diyos. Di nga niya maibubunsod ang sarili na pumaroon sa dakong 'yun, at ang sarili'y mailagay dun sa isang hukay, at ang kaawa-awa niyang tatay ay magluksa nang maraming-maraming taon, na haya't ipinagbili siya sa halaga ng halos tatlumpung pirasong pilak; hinango mula sa hukay, at naging kanang-kamay ng Faraon, na hari ng mundo nung panahon na 'yun. At dun sa bilangguan ay may isang mayordomo't isang magtitinapay, at ang isa'y napahamak at ang isa'y naligtas, sa pamamagitan ng kanyang hula, sa loob ng bilangguan.

30 At napansin n'yo ba si Jesus nung Siya'y dumating, Siya'y sinisinta ng Ama. At binigyan ng ama si Joseph ng balabal na may maraming kulay (bahaghari, isang tipan). At ang Ama, ang Diyos, binigyan ang Anak, si Jesus, ng tipan, at pagkatapos ang mga kapatid na Judio'y kinamuhian Siya nang wala man lang dahilan. Siya nga'y walang rason para kamuhian Siya, Siya'y espirituwal, at Siya'y ang Salita ng Diyos na nahayag. Siya'y dumating para gawin ang kalooban ng Ama, Siya'y dumating para tuparin ang mga Kasulatan. Dumating Siya para dalhan sila ng kapayapaan, pero nagkamali sila ng pagkakaunawa sa Kanya, at kinamuhian nila Siya nang walang dahilan. Di man lang sila huminto para subukan man lang na makita kung ano mismo ang sinisikap Niyang maabot. Hinusgahan lang siya ng magkakapatid dahil di siya sang-ayon sa kanila. Ang kanilang ipinupula . . . "Ipinapalagay Niyang Siya'y *ganito-at-ganoon*. Ipinapalagay Niyang Diyos ang Kanyang Sarili." Siya'y Diyos! Ang Diyos ay naroon sa Kanya. Sinabi ng Biblia na ang Diyos ay nakay Cristo, inihahayag ang Sarili Niya sa mundo. Siya'y Diyos ng Kaluwalhatian na inihahayag ang kaluwalhatian ng Diyos.

31 Tingnan n'yo si Moises, hindi niya kayang pigilan ang sarili na di niya itambad ang sarili roon. Hindi niya ginawa 'yun na parang pagpapaimbabaw. Ginawa niya 'yun dahil ang Diyos ang naroon sa kanya. Maging si Joseph ay di niya mapipigilan ang sarili sa kung ano siya, dahil ang Diyos 'yun na naroon sa kanya ang kumikilos o naghahayag sa pamamagitan ng tao. Hindi niya 'yun ginawa na para sarili niya ang maluwalhati.

32 Sinuman na . . . Kung 'yung mga saserdote lang na 'yun ay may pagkilala sa espiritu, gaya ng ipinapangusap ko sa inyo sa umagang ito. Kahit na gaano pang karami ang sabi-sabihin ng sanlibutan patungkol sa Kanya, makikilala at makikilala sana nila kung nakatuon lamang sila sa Salita, kung nakita lamang sana nila ang Kanyang layon. Ginagawa lamang Niya 'yun sa tuwina para luwalhatiin ang Ama. Sabi Niya . . . Sabi nila, "Oh, ang taong ito'y mahusay na tagapagpagaling, nagagawa Niya ang mga bagay na gaya nito."

33 Sabi Niya, "Wala akong ginagawa liban na ipakita muna sa Akin ng Ama. Hindi Ako ang gumagawa ng mga gawang ito. Ang

Ama na nananahan sa Akin, Siya ang gumagawa ng mga gawang ito." Hindi Niya inangkin ang kaluwalhatian.

34 At ganoon din na kahit sinong lingkod ng Diyos ay di nga aangkinin ang kaluwalhatian. Wala ngang lingkod ng Diyos ang kukunin ang kaloob ng Diyos at susubukang sarili niya ang maluwalhati, o anumang iba, bagkus ang tama niyang inaabot ay ang makagawa ng isang bagay para sa kaluwalhatian ng Diyos. Kaya nakikita n'yo ang siya ring bagay na 'yun sa oras na ito. Kinakailangan na may pagkilala tayo sa espiritu, para makita ang isang tao't kung ano ba ang sinusubukan nitong gawin. Ginagawa ba nila 'yun para Diyos ang maluwalhati? Ginagawa ba nila 'yun para sarili nila ang maluwalhati?

35 Ngayon ang Espiritu ng Diyos na kumikilos sa tao ay nagbubunsod na ang mga taong 'yun ay kumilos na parang ang Diyos. Hindi nga nakapagtatakang sinabi ni Jesus, "Hindi ba't nasusulat, 'Kayo'y mga diyos'? At kung tinatawag nila sila na 'mga diyos,' na mga dinatnan ng Espiritu ng Diyos, papaanong hinahatulan ninyo Ako, kung ganoon, gayong Ako ang Anak ng Diyos?" kung makikita n'yo ang Espiritu ng Diyos kay Moises, yamang, siya ay Diyos. Si Moises ay diyos. Si Joseph ay diyos. Ang mga propeta'y diyos. Sinasabi ng Biblia na sila nga. Sila'y mga diyos dahil ito'y . . . ganap nilang isinuko ang kanilang mga sarili sa Espiritu ng Diyos, at sila nga'y gumaganap mismo para sa kaluwalhatian ng Diyos.

36 At kapag ang isang tao'y pinahiran mismo nang lubos ng Espiritu . . . Ngayon hayaan n'yong tumimo ito nang sadyang malalim talaga sa ilalim nung ikalimang tadyang sa kaliwang tagiliran. Kapag ang isang tao'y pinahiran mismo ng Espiritu ng Diyos, ang kanyang mga kilos, kanyang mga gawa, at lahat, ay Diyos na kumikilos sa kanya. Kung minsan mali ang tingin sa kanya ng mga tao.

37 Tingnan n'yo si David, sa ika-23 Awit, sumigaw siya, "Diyos ko, Diyos ko, bakit Mo ako pinabayaan?" animo'y siya 'yun, na si David ang taong 'yun. "Lahat sila na nilalampas-lampasan ako, itinutudla ang kanilang labi sa akin."

38 Puspos na puspos siya ng Diyos, na ganap na isinuko niya ang kanyang sarili sa Diyos, at ang pahid ay naroon sa kanya na anupa't nung sumigaw siya habang taglay ang Espiritu ng Diyos, hayan nga't kung may taong nakatayo roon, sasabihin, "Aba, tingnan n'yo, iniisip niya yata na may nagtutudla ng labi sa kanya. Bakit siya pinabayaan ng Diyos?"

39 Hindi nga 'yun si David, ang Espiritu 'yun na sumisigaw sa pamamagitan ni David. "Diyos ko, Diyos ko, bakit Mo ako pinabayaan? Lahat ng aking mga buto'y minamasdan ako. Binutasan nila ang aking mga kamay at aking mga paa."

40 Buweno, may magsasabi, “Pakinggan n’yo ’yung ipokrito na ’yun dun. Kaninong mga kamay ang binutas? Kaninong mga paa ang binutas?” Hayun nga ang intelektuwal.

41 Pero ’yung may pagkilala sa espiritu’y nalalaman na ang Espiritu ’yun ng Diyos sa kanya na sumisigaw. Kapag ang isang tao’y may pahid ng Espiritu ng Diyos, nasa kanya ang kilos ng Diyos, at ang kilos ng Diyos ay di ’yung magkawatak-watak tayo. Ang kilos ng Diyos ay ’yung mahatak tayo na maglakip-lakip dahil tayo’y isa kay Cristo Jesus, at ang layon ng Diyos ay ang madala tayo na mapagsama-sama. “Mahalin natin ang isa’t isa.”

42 Ngayon, ang mga dakilang propeta na ’yun, nakikita natin na ang Espiritu ay kumikilos sa kanila, tinawag sila ni Jesus na “mga diyos.” Sinabi Niya na sila’y mga diyos. Ngayon nung ang Espiritu’y dumating sa kanila, sa sangsukat; pero nung Ito nga’y dumating sa Isa na ’yun, kay Jesus, na Anak ng Diyos, Ito’y dumating sa Kanya na di na sangsukat, kundi ang buong kapuspusan ng pagka-Diyos sa kahayagan sa laman ay nanahan sa Kanya, dahil Siya ang ganap na ehemplo. Siya ang Diyos ng Kaluwalhatian na inihahayag ang kaluwalhatian ng Diyos sa mga tao, anupa’t ang Diyos mismo na nasa Kanya na lumilibot. Tingnan n’yo ang buhay Niya, sa buong Lumang Tipan, Siya ang tema ng Lumang Tipan. Lahat ng sinaunang mga propeta noon sa Lumang Tipan ay sumigaw, hindi ukol sa sarili nila, sila’y sumigaw sa ilalim ng Espiritu ng Diyos, na sila nga’y ibinunsod na kumilos na gaya ng Diyos na anupa’t sila’y tinawag na mga diyos, at paglaon nga’y, ang buong kapuspusan ng Espiritu na ’yun ay nahayag kay Jesus Cristo.

43 Tingnan n’yo si David nung inalis siya sa pagiging hari ng Israel, tinanggihan ng sarili niyang mga kababayan, nagtungo roon sa Bundok ng mga Olibo, sa hilaga ng Jerusalem, at nung siya’y bumaling para lingunin ang bayan haya’t tumangis siya dahil siya’y tinanggihan. Ano ’yun? Ang Espiritu ’yun ni Cristo.

44 Limang daang taon ang nakalipas, ang Anak ni David, si Jesus, naupo sa siya ring bundok na ’yun, nakatanaw sa bayan, bilang tinanggihang hari, at napatangis, “Jerusalem, Jerusalem, makailang inibig Ko na tipunin kayo (mula riyan sa iba’t ibang mga denominasyon n’yo at lahat) gaya ng isang inahing manok sa kanyang mga sisiw, pero ayaw n’yo. Makailang inibig Ko na gawin ’yun!”

45 Ngayon ang siya ring Espiritu na naroon noon kay David, na nahayag sa buong kapuspusan kay Cristo, ay nasa Iglesya ngayon na humihibik sa mga tao. “Makailang inibig Ko na tipunin kayo!” At kapag nakikita n’yo ang mga pagkakawatak-watak at—at mga di pagkakasundo at—at ang pagkakapatiran ay nabubuwag, at buhay Cristiano, na ang isa’y laban sa isa, heto nga na ang Espiritu ng Diyos na nasa puso n’yo ay humihibik. May pagsisikap sa inyo na abutin ang isang bagay, bilang isang

tunay na propeta ng Diyos, na ang isang tunay na tagapagturo ay magsisikap na dalhin ang Iglesya sa paglalakip sa espiritu, paglalakip sa espiritu, nang sa gayon mapagkilanlan nila ang Diyos; sinisikap na abutin 'yun kahit na anong denominasyon ang kinabibilangan nila o kung anuman 'yun. Mayroon tayong pagkilala sa espiritu para kilalanin ang espiritu na naroon sa tao, para makita kung 'yun ay Espiritu ng Diyos o hindi.

46 Ngayon, napansin natin na nung narito Siya noon sa lupa, na hayun Siya na lumalakad na gumagawa ng mabuti. May isa pa akong bagay na napansin na bigla na lang dumating sa isip ko. Napansin n'yo ba nung si David ay tinanggihan bilang hari?

Lumabas siya mula sa bayan, at isang munting Benjamita, Benjamita, na dapat sana'y kapatid ang tingin sa kanya, na ang dapat sana'y naawa sa kanya dahil siya'y tinanggihan, pero ano ngang. . .Ang tao pa ngang ito'y isang pilay na lalaki. At siya nga'y pasunod-sunod dun sa kanyang pilay na kalagayan, na binabato ng dumi si David, at binabansagan siya ng lahat na ng kung anu-anong masasamang bansag, at sinusumpa pa nga siya sa Pangalan ng Panginoon, sinusumpa si Haring David sa Pangalan ng Panginoon, ito ngang munting matandang pilay na Benjamita.

47 Matyagan n'yo nga ang Espiritu ng Diyos at ang espiritu ng diyablo na kumikilos. Ngayon, kung mapapansin n'yo, ang lalaki'y pilay. Sinasagisag nun ang espirituwal na pagkapilay ng mga tao sa panahon ngayon na ginagawang katatawanan ang tunay na Espiritu ng Diyos kay Cristo na inihahayag ang Sarili Nito. Ang Espiritu nga ni Cristo 'yun na nakay David na tinanggihan bilang hari. At, sa panahon ngayon, kapag may mga taong ganyan na ginagawang katatawanan ang mga tao na nakatanggap ng Espiritu Santo na nagsisikap na maabot ang isang bagay, para hatakíng mapagpisan ang mga Methodist at mga Pentecostal, at mga Baptist at mga Pentecostal, at mga Presbyterian at lahat, na magsama-sama sa paglalakip, bilang isang Katawan ni Cristo, at nakikita ng mga taong ganoon ang Espiritu na kumikilos, ay sasabihin, "Buweno, tingnan n'yo, isa 'yung Pentecostal. Layuan n'yo siya! May kakilala nga ako na pumuslit kasama ang asawa ng ibang lalaki. May kakilala nga ako na naglalasing pa nga. May kakilala ako na ginawa 'yung *ganito*. May kakilala ako na ginawa 'yung *ganoon*." Lahat na ng ganoon, hayan nga't napakalaki nila na nagagawa nilang itago ang sarili nilang kung anu-ano, nagagawa nilang itago. Pero si David nga'y lantad. Bakit? Nasa kanya ang Espiritu ni Cristo.

48 Sabi nung bantay, "Pupugutin ko na ba ang ulo ng asong 'yan na inaalipusta ang aking hari?"

49 Masdan n'yo 'yung Espiritu ni Cristo na naroon kay David, "Hayaan mo lang siya, dahil Panginoon ang nagsabi sa kanya

na sumpain ako." Nahagip n'yo ba 'yun? "Hayaan mo siya, ang Panginoon ang nagsabi sa kanya na sumpain ako."

50 Kaso, ngayon, parang atat na atat tayong iamba ang mga kamao natin at makipag-away sa kanya, kita n'yo, pugutin ang ulo niya, "Sige, patalsikin n'yo siya, di siya kasapi sa atin."

51 "Hayaan n'yo siya, ang Panginoon ang nagsabi sa kanya na sumpain ako." Hayun nga 'yung hamak na pilay na 'yun na pasunod-sunod dun, na binabato si David ng dumi.

52 Ganoon na ganoon ang ginagawa ng mga tao ngayon sa Espiritu ni Cristo. "Mga sangkumpol lang sila riyan ng mga holy-roller. Aba, sangkumpol lang sila ng *ganito*. Wala ngang anuman sa kanila. Wala 'yang Makalangit-makalangit na pagpapagaling na 'yan. Wala 'yang mga Anghel-anghel na 'yan. Wala 'yang propeta-propeta na 'yan." Lahat nga ng tulad nun, "Ang araw ng mga himala'y lipas na," nambabato ng dumi. Pero hayaan n'yo sila! Pero hayan nga't nung si David ay nakabalik sa kapangyarihan, Hallelujah, nung makabalik siya bilang ganap na hari mismo ng Israel. . .Huwag kayong mag-alala, si Jesus na ito, Na ang Espiritu'y nasa atin ngayon, na ginampanan ang Kanyang parte, ay manunumbalik muli sa pisikal na katawan, sa ikalawang pagkakataon, sa kaluwalhatian, sa kapangyarihan at karangalan.

53 Yung hamak na nambabato ng dumi'y napatirapa na sayad ang mukha sa lupa at nagmakaawa. "Hayaan n'yo siya," ang Espiritu ni Cristo na nasa atin. Huwag n'yo siyang itakuwil. Alalahanin n'yo na ang lahat ng mga bagay na ito'y kailangang maganap. May isa tayong bagay na kailangang gawin, umusad lang. Ipinangako ng Diyos na ipangyayari Niya na ang lahat ng mga bagay ay maglakip-lakip na gagawa para sa ikabubuti ng mga nagsisiibig sa Kanya. Panatilihin natin ang pagkilala sa espiritu, panatilihin na tama ang layunin. Nandito tayo para paglingkuran ang Diyos, na ang bawat isa'y nakikipagbuklod, nagpapatuloy at naglilingkod sa Diyos. Kung ang isang tao'y may maling layunin, haya't anong mangyayari? Kita n'yo?

54 Ngayon nasumpungan natin na ang Espiritu ng Diyos ay nasa Kanya. Lahat ng mga propeta noon ay nangusap ukol sa Kanya. Lahat ng mga espiritu, sa sangbahagi, bawat munting sangbahagi, ay hindi sarili ang niluluwalhati (mga tunay na propeta), lahat ng mga tunay na propeta'y Siya ang inihahayag, Siya ang inuukulan ng pangungusap. At lahat ng ipinangusap nila'y natupad sa Kanya. Ipinapakita lang na ang Espiritu 'yun ng Diyos na naroon sa kanila, 'yun nga'y natupad. Ano 'yun? Ang Diyos na pinatutungkulan ang Sarili. Kita n'yo? Ang Diyos na inihahayag ang Sarili sa pamamagitan ng mga propetang ito.

55 Hindi inaangkin ang kaluwalhatian, "Sino ang susunod na magiging Presidente? At sino ang magiging *ganito*?" Tapos may pahampas-hampas pa sa ulo, "Sige't sabihin mo sa amin kung

sino ang humampas sa'yo at paniniwalaan ka namin." Di 'yun ganun. Kinakailangan ay bagay na ang ihahayag ay Diyos. Di 'yun kung ano na ibubunsod si Kapatid na Weathers dito, o Kapatid na Shores, o Kapatid na Ganito-at-ganoon diyan, na maging isang mataas na tao, at gawin siyang mas nakakataas kaysa sa iba pang kalalakihan ng grupo niya, gawin siyang pinaka mataas na lalaki rito sa Phoenix. Hindi nga ito para ibunsod si William Branham na maging nakakataas. Pero ano nga ang ginagawa nito? Di ito upang ibunsod si Oral Roberts na mataas, gawin si Billy Graham na mataas. Kundi mga puso nga, na sinisikap nating makaabot ng isang bagay para sa Kaharian ng Diyos. Ito'y para ihayag ang Diyos. Lahat ng mga kaloob na 'yan at iba pa ay di magbubunsod sa isang tao para maging mas mataas pa kaysa sa iba, haya't ibinubunsod nito na lahat tayo'y gumawa nang magkakalakip para sa kasakdalan ng katawan, para dalhin tayo sa isang paglalakip na maging isang bayan, bilang bayang hirang ng Diyos. Mangyari nga na kapag nakikita n'yo sila na animo'y kontra, huwag n'yo silang sumpain; hayaan n'yo lang sila, mayroon at mayroon kasing gaganap nun. Pero hintayin n'yo lang na dumating si Jesus sa kapangyarihan.

56 Ngayon nakikita natin ang lahat ng mga propeta na 'yun na nangungusap. Bawat isa sa kanila'y niluluwalhati ang Diyos at ang padating na Mesiyas. At sa punto na mapapasa-Espiritu sila, sila'y umaakto at nagsasalita at ipinamumuhay ang buhay na gaya ng ginawa ng Mesiyas. Kung napangyari 'yun sa panig na 'yun ng krus noon, na mga nangusap sa Kanyang pagdating, gaano pa kaya ngayon matapos ang Kanyang pagdating, na anupa't ilalagay mismo ang Espiritu ng Mesiyas sa Iglesya para umakto, gumawa, kumilos, at mamuhay gaya ng Mesiyas? Ang Espiritu 'yun ng Diyos.

57 Kilalanin n'yo ang espiritu na 'yun, tingnan n'yo kung 'yun ay sa Diyos o hindi. Tingnan n'yo kung kumikilos nga 'yun na kagaya Niya. Tingnan n'yo kung ang mga emosyon n'yo. . . Na kung may sisikad ng kung anong bagay laban sa inyo at babatuhin ng dumi ang buhay n'yo, gayong nalalaman n'yo na wala naman kayong ginawang masama, at nalalaman n'yo na taglay n'yo ang Espiritu ng Diyos, huwag n'yong ibukod ang sarili n'yo. Huwag kayong mag-aasta nang masama laban sa kanila. Huwag n'yo silang susumpain. Umusad ka lang, na nababatid na ipinahintulot 'yun ng Diyos para subukin kayo at tingnan kung papaano n'yo 'yun sasaluhin. Siya'y dadako't dadako ano't anuman sa ganoon.

58 Gaya ng nabanggit ko nung isang araw, sa pagkakaalala ko sa iglesya ni Kapatid na Fuller, tungkol sa isang nagbibisikleta sa Canada. Buweno, iniisip ng lahat na kaya nilang lampasan sa pagbibisikleta ang batang paslit na ito, na lalampa-lampa pa nga. At siya lang ang nag-iisa na di nakakapagbisikleta nang hindi humahawak sa hawakan ng bisikleta.

59 Ikinagagalak ko na ako'y may pagkakakilanlan na isa sa mga makalumang nagbibisikleta na humahawak sa manibela, na nakahawak sa magkabilang dipa ng Krus at nagsasabi, "Wala akong sukat na maihahandog mula sa aking mga bisig. Iyo lamang akong pakapitin sa Krus, Panginoon, wala akong pagka-intelektuwal. Walang-wala po ako. Iyo lamang akong pakapitin dito, habang nakatunghay sa ibayo."

60 At naghanda sila ng parang tulay-tulay na labindalawang pulgada lang ang lapad sa layong isang bloke ng siyudad, na ang premyo ay sandaang-dolyar na bisikletang Schwinn. Lahat ng mga kabataang lalaki dun ay nakakapagbisikleta nga na kahit di humahawak sa hawakan, na kayang-kayang magpunta sa bayan at bibitbitin pabalik ang pinamili ng kanilang nanay at makakabalik nang di man lang humahawak sa hawakan, bawat isa nga sa kanila'y napapatingin sa ilalim. Di rin kasi sila sanay magbisikleta nang nakahawak sa hawakan, at kaya nahulog sila. Pero itong munting batang paslit na binisikleta 'yun at humawak sa hawakan ay nakatawid hanggang sa dulo. Tinanong nila siya, sabi, "Paano mo nagawa 'yun?"

61 Sabi niya, "Dito kayo nagkamali, mga kasamahan. Kung tutuusin mas magagaling kayong magbisikleta kumpara sa akin, pero nakatingin kasi kayo *rito*," tapos sabi, "pinakaba tuloy kayo nun habang tinitingnan n'yo 'yung . . . Sinusubukan n'yong ibalanse ang sarili n'yo, at kaya bumagsak kayo." Sabi, "Di ako tumingin *dito* kahit na ano pa, doon ako nakatunghay sa dulo at pinanatili ko ang sarili na tuwid lang."

62 Yun nga ang dapat nating gawin. Huwag n'yong tingnan ang mga samu't saring bagay na ito ngayon, "Ginawa ba *ito* ng isa o ginawa ba *iyon* ng isa?" Doon kayo tumuon sa dulo at manatili lang na tuwid. Parating na si Cristo. Tumuon kayo sa dulo, manatili lang na tuwid. Huwag kayong magpaapekto sa kung ano ang nangyayari ngayon. Tumuon kayo sa kung ano ang mangyayari sa dakong ibayo sa wakas ng panahon, kung kailan tatayo tayo at—at magsusulit tayo sa mga ginawa natin sa ating mga buhay.

63 Hindi nga nagpaapekto si David sa hamak na Benjamitang 'yun na nambabato sa kanya ng dumi, pilay ito kung tutuusin. Hindi niya na lang pinansin. Ni hindi niya inutusan ang bantay na pugutin ang ulo ng taong 'yun, sabi, "Hayaan mo lang siya, Diyos ang nagsabi sa kanya na gawin 'yan. Diyos ang nagsabi sa kanya na sumpain ako, hayaan mo siya." Dahil batid nga ni David na darating ang araw na babalik siya sa kapangyarihan. Darating din ang oras nung Benjamitang 'yun.

64 Oo, ganun nga 'yun. Ang Iglesya'y babangon at babangon sa pananagumpay. Ako'y isinugo lamang para manalangin sa mga anak Niya na may sakit, kung tutuusin. Yun lang po ang magagawa ko. Saan man sila at anumang iglesya nila, walang

kaso 'yun. Sinisikap ko lang na manalangin para sa mga anak Niya na may sakit, sinisikap ko na ihayag ang kaloob para sa Kanyang kaluwalhatian. Yan ang dahilan kung bakit di ako kaanib sa anumang bagay.

65 Ngayon, alalahanin n'yo, ayos lang 'yun. Kita n'yo, di 'yun ang aking—di 'yun ang aking ipinupunto ngayon. Gusto kong maunawaan n'yo ako nang malinaw na naniniwala ako na ang Diyos ay may mga Cristiano sa bawat iglesya, na Kanyang mga anak. Di Niya ako kinuwestiyon sa bagay na 'yan. Ako nga'y ipinadala lamang para manalangin para sa mga anak, at gawin ang mga bagay na ito, at ihayag Siya.

66 Ngayon, kita n'yo, si Jesus at ang mga propetang ito, lahat ng ipinangusap nila'y marapat lamang na totoo, dahil 'yun ang kapangyarihan ng Diyos na nasa kanila, haya't Diyos Mismo na nangungusap sa pamamagitan nila patungkol sa Sarili Niya na paparating sa Kanyang sariling Kaluwalhatian.

67 "Sino kayang magiging Presidente? Sino kaya, ano kaya? Magkakaroon ba tayo ng sapat na ulan sa taon na ito?" Wala 'yang kinalaman. Kinakailangan na bagay na ikaluluwalhati ng Diyos, bagay na maglalagay sa Iglesya sa kaayusan, bagay na para sa kapangyarihan ng Diyos; hindi 'yung maitanyag ang sarili'y magkapangalan, bagkus ibunsod na ang kaluwalhatian ng Diyos ang mahayag.

68 Ngayon napansin natin na lahat ng mga propetang 'yun at lahat mismo ng sinabi nila ukol sa Kanya, lahat ay nagkatotoo dahil Siya ang tema ng Lumang Tipan. Si Jesus, ang Mesiyas, ang parating na Mesiyas, ang siyang inaabangan ng bawat propeta mula kay—mula kay Adan hanggang kay Malakias. Bawat propeta'y nangusap ukol sa pagdating ng Panginoon. Bawa't isa'y inilagay ang bahagi niya dahil siya'y pinahiran ng Diyos. Yun at 'yun lang ang mapapangusap niya.

69 Ngayon, kung may sapat na oras lang tayo sana riyan. Pero, masdan n'yo, lahat ng sinabi nila'y nangyari. Tingnan n'yo rito, sige't kumuha lang tayo ng ilang mga bagay na sinabi ng mga propeta.

70 "Maglilihi ang isang birhen at manganganak." Nangyari ba 'yun? Oo naman. "Ang Pangalan Niya ay tatawaging Immanuel, Pangulo ng Kapayapaan, Makapangyarihang Diyos, walang hanggang Ama." Yun nga Siya, na saktong-sakto, ang "walang hanggang Ama." Walang ama ang dapat na tawaging "Ama," sa lupang ito, kundi ang Diyos ang inyong Ama.

71 Sige, tumingin pa tayo ng isa pa. "Siya'y nasugatan dahil sa ating mga pagsalangsang, siya'y nabugbog dahil sa ating kasamaan; ang parusa tungkol sa ating kapayapaan ay nasa kanya, sa pamamagitan ng kanyang mga latay ay nagsigaling tayo." Doon sa bulwagan ng paghahatol ni Pilato, hayun nga ang isang tao, na ang likod nito'y hinahagupit ng latigo na may siyam

na matutulis na panlatay, haya't di niya namalayan na sinabi na mismo ng mga Kasulatan na magaganap 'yun nang ganoon. Wala silang pagkilala sa espiritu, 'yung mga saserdote ngang 'yun na nagsabi, "Iwaksi Siya, iwaksi Siya."

72 At dun sa krus nung itudla nila ang kanilang mga labi, at mga bagay na gaya nun, nung marinig nila Siya na humihibik "Diyos Ko, bakit Mo Ako pinabayaan?" Wala silang pagkilala. Kita n'yo, di nila kayang kilalanin ang Espiritu. Samantalang si David 'yun na nagsasalita dun sa ika-22 Awit, itinudla nila ang labi nila na di nalalaman na ginagawa nila 'yun. Tulad nga nung ginawa ng Benjamita kay David. Kita n'yo, inaakala niya na maling-mali si David dahil sa di ito sang-ayon sa kanya sa kanyang mga prinsipyo ng pagpapalakad ng kanyang kaharian. Di niya napagkilala na ang Espiritu 'yun ng Diyos kay David na ginagawa 'yun.

73 Diyan nga tayo dapat kumikilala, sa panahon ngayon, sa espiritu ng tao. Ano ba ang sinisikap gawin ng taong ito? Ano ba ang inaabot niya? Hindi 'yung babase sa kung anong grupo ba siya nakabilang, o kung ano 'yung *ganito*, *ganoon*, o kung *ano pa*, o siya ma'y lalaking puti, lalaking itim, lalaking dilaw, o anupaman siya. Haya't tingnan natin kung ano ba mismo ang sinisikap niyang abutin, at bumase dun, tingnan kung ano ang sinisikap niyang gawin para sa Kaharian ng Diyos. Kung siya man ay may kakaibang kaisipan kumpara sa iniisip natin, ayos na ayos lang 'yan kung ang sinisikap niyang abutin ay bagay para sa Kaharian ng Diyos. Kilalanin n'yo 'yun sa kanya. Kung siya'y mali, at tapat naman sa puso, dadalhin at dadalhin siya ng Diyos tungo sa Katotohanan ng bagay kalaunan. Hayaan n'yo lang siya, hayaan n'yo lang siya, tingnan n'yo kung ano ang sinisikap niyang gawin.

74 Ngayon makikita natin dito, mangyari nga nakita natin na sa Kanyang—Kanyang kamatayan, nung mamatay Siya sa krus, at hinihibik ang lahat mismo ng mga bagay na sinabi na noon ng mga propeta ukol sa Kanya, "Binutasan nila ang Aking mga kamay at Aking mga paa." Hayun nga 'yun na natupad dun. Tama ang mga propeta. Iniisip ng mga tao na ang mga propeta lang 'yun o 'yung paghibik nang ganoon ay sila lang na mga propeta, pero nahayag nga mismo sa krus.

75 "Siya'y—Siya'y ibinilang sa mga suwail." Yun ang ginawa niya. Siya'y naroon sa mga suwail. "Sa Kanyang kamatayan ay ginawa Niya ang Kanyang libingan na kasama ang mayaman." Ginawa Niya, inilibing Siya sa libingan ng isang mayamang lalaki. "Di Ko iiwan ang Kanyang kaluluwa. . .Di Niya iiwan ang aking kaluluwa," sabi ni David, hayun nga ang Espiritu ng Diyos na nagsasalita mula kay David. "Hindi Niya iiwan ang aking kaluluwa sa sheol, ni di Niya titiisin ang Kanyang Isang Banal na makakita ng kabulukan," na para bang si David ang tinutukoy dun na Isang Banal. Hindi nga si David, ang Espiritu

’yun ng Diyos na nagsasalita mula kay David. Kita n’yo, ang Espiritu ng Diyos sa taong ’yun na nagsasalita.

May ilan nga na ang sabi, “Pakinggan n’yo ang matandang mapagpaimbabaw na ’yan diyan.”

76 Hindi siya, ang Espiritu ’yun ng Diyos na nagsasalita mula sa kanya. Kita n’yo, ang Espiritu ’yun ng Diyos na inihahayag ang sarili nito, “Di iiwan ang Kanyang kaluluwa sa sheol, ni di Niya titiisin ang Kanyang Isang Banal na makakita ng kabulukan.”

77 Ngayon, mga kapatid, sa pagtatapos, hayaan n’yo lang na sabihin ko ito, nauubos na ang oras natin. Pero, tingnan n’yo, hayaan n’yong sabihin ko lang ito sa pagtatapos, mula sa mga Kasulatan dito. Tingnan natin. Kung ang tao na ’yun, na ang tema ng buong Lumang Tipan ay patungkol sa Kanya, na lahat ng mga banal na propetang pinahiran ng Espiritu ng Diyos, kung ang lahat ng ’yun at bawat isa na sinabi nila’y natupad nga mismo sa pinaka letra nang eksakto sa Kanya, tunay nga na ang dakilang Persona na ito na tinawag na Anak ng Diyos ay marapat lamang na alam na alam kung papaano isaayos ang Iglesya ng Bagong Tipan. Hindi ba’t naniniwala kayo riyan? Marapat lamang na may pagkaunawa Siya na malaman kung papaano isaayos ang Iglesya ng Bagong Tipan.

78 Ang unang bagay na nais kong tawagin ang inyong pansin, ay dito sa Mateo, sa ika-16 na kabanata, na nung Siya’y—Siya’y nagsasalita rito noon, nung dumako Siya roon at nakikipag-usap sa mga alagad. Sabi Niya, “Sino ang sinasabi ng tao kung sino Ako na Anak ng tao?”

79 At sabi nila, “May ilan na nagsasabi Ikaw si ‘Elias,’ at may ilan na nagsasabi Ikaw si ‘Ganito-at-ganoon,’ at may ilan na nagsasabi Ikaw si ‘Ganito-at-ganoon,’ at parang ganoon, at may iba-iba pa.”

Sabi Niya, “Pero sino naman ang sinasabi *ninyo* kung sino Ako?”

80 Tapos sabi ni Pedro, “Ikaw si Cristo, ang Anak ng buhay na Diyos.”

81 Sabi Niya, “Mapalad ka Simon, anak ni Jonas, sapagkat di ito inihayag sa iyo ng laman at dugo, bagkus inihayag sa iyo ng Aking Ama na nasa Langit. At—at sinasabi Ko sa iyo na ikaw Simon, o Pedro, at sa ibabaw ng batong ito ay itatayo Ko ang Aking Iglesya, at ang mga pintuan man ng impyerno’y hindi makakapanaig laban Dito.” Ngayon, dito nga’y ipinapangusap natin ang Iglesya. Ngayon masdan n’yong maigi, at, kung mali ako, patawarin ako ng Diyos at patawarin n’yo ako.

82 Ngayon, sinasabi ng—ng iglesyang Katoliko na “Ang bato na ’yun na naroon, ay si *Pedro*, at sa ibabaw ni Pedro ay itatayo Niya ang Iglesya.” Ngayon, alam natin na mali ’yan. Tayong mga Protestante’y di sang-ayon diyan.

83 Bagkus sinasabi natin na mga Protestante, "Siya *Mismo* Ito na itinayo Niya ang Sari-. . .ang Iglesya sa ibabaw, ng Sarili Niya Mismo." Pero, kung papansinin n'yo, nais ko pong di sumang-ayon diyan, nang walang pag-aalit. Di po ganun 'yun.

84 Yun nga'y sa ibabaw ng espirituwal na *kapahayagan* ukol sa Kanya. Kita n'yo? "Laman at dugo. . . " Hindi n'yo nga ito matututunan sa seminaryo, kahit na gaano pang kahuhusay sila dun. Di n'yo nga matututunan ito sa pamamagitan ng kung anong kredo ng iglesya, gaano mang kaiinam 'yun. Ayos lang ang mga 'yun, pero di nga ito ihahayag sa inyo ng laman at dugo. Di nga ito sa intelektuwal na pagkaalam kung paano ba gumawa ng talumpati, kung paano mo iyuyukod ang sarili mo, paano o anong dakilang bagay ang dapat mong gawin dito sa lupa. Hindi 'yun ganoon. Di nga 'yun sa magtatayo ka ng kung anong malaking bagay o gagawa ng dakilang bagay. Kung ano nga 'yun, 'yun ay kapahayagan ng Salita ng Diyos. Siya ang Salita. "Sa pasimula ay ang Salita, at ang Salita ay nasa Diyos, at ang Salita ay Diyos. At ang Salita ay nahayag at nanahan sa kalagitnaan natin." Siya nga'y. . .ang kapahayagan nga 'yun ng Salita ng Diyos.

85 Ang Espiritu 'yun na naroon kay Pedro na naghayag sa pamamagitan ng kapahayagan na Siya ang Anak ng Diyos na nahayag. Ang Diyos ng Kaluwalhatian na inihahayag ang kaluwalhatian ng Diyos. "Sa ibabaw ng batong ito (espirituwal na kapahayagan ng Salita) Aking itatayo ang Aking Iglesya." Bakit? Kung ang mga propetang 'yun ay nasa ilalim ng Diyos, na nagsasalita sa pamamagitan ng Espiritu Santo na anupa't 'yun ang Anak ng Diyos, haya't ang siya ring Espiritung 'yun sa panig na ito'y maghahayag at maghahayag mismo ng siya ring parehong bagay. Nakikita n'yo ba 'yun?

86 "Laman at dugo," di n'yo matututunan ito sa seminaryo. Ang matututunan n'yo dun ay ang inyong. . .makakakuha kayo ng inyong D.D. at inyong Ph.D. at L.D. o. . .Lahat ng mga 'yan ay mainam, may ganyan nga rin sana ako. Ganoon nga, pero di 'yan Ito. Di mo kailangang may ganyan ka, pero mainam kung mayroon ka. Puwede kasing Ito, tapos pandagdag na lang 'yan; pero kung alisin mo ang pandagdag, Ito ang dapat na kunin mo. *Ito* kasi Iyon. Kung di ito Iyon, matulot nawa na makamit ko Ito ano't anuman. Ito ang asam ko! Ito!

87 "Laman at dugo ay di ito inihayag sa iyo." Hindi mo ito natutunan sa pamamagitan ng hanay ng edukasyon. Hindi mo ito natutunan sa pamamagitan ng hanay ng denominasyon. Maiinam naman ang mga 'yan, edukasyon, denominasyon man ay maiinam. Bahagi ang mga 'yan. Pero naglulumagi masyado ang mga tao riyan at nakakaligtaan na nila ang espirituwal na pagkilala. Kita n'yo?

88 "Laman at dugo ay di ito inihayag sa iyo, bagkus ng Aking

Ama na nasa Langit ang naghayag nito sa iyo. At sa ibabaw ng batong ito ay itatayo ko ang Aking Iglesya, at ang mga pintuan ng impyerno'y di makakapanaig laban Dito." "Di kailanman makakapanaig," ipinapakita nga na sila'y magiging laban Dito.

89 Ngayon tingnan n'yo nga't pagmasdan kung saan laban ang mga pintuan ng impyerno. Di nga ito laban sa denominasyon. Kinikilala pa nga 'yan ng gobyerno kung tutuusin. Siyanga. Haya't kinikilala ng mundo ang mga denominasyon natin, lahat ng mga ito. May karapatan nga tayo, bawat isa sa atin bilang mga mamamayan ng Amerika, may mga karapatan tayo bilang denominasyon, na mainam naman, ikinalulugod natin 'yan. Pero di nga riyan laban ang mga pintuan ng impyerno. Kundi laban sa espirituwal na kapahayagan ni Cristo na narito na ngayon, ang siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Doon nga ito laban. "Ang mga pintuan ng impyerno'y magiging laban Dito, pero hindi ito kailanman makakapanaig."

90 Hayan nga kayo, espirituwal na pagkilala. Sinupaman 'yan, kapatid ko pa rin basta't sinisikap niyang abutin ang siya ring layon na pinagtratrabahuan ko. Mapa-propeta man siya, mapa-pastor, mapa-diyakono, siya ma'y ganito-at-ganoon, siya ma'y tinataguyod ng Diyos sa *ganitong* paraan, *ganoong* paraan, anupaman 'yan, di ako tinataguyod, anuman ang gusto niyang gawin, pero sa kabila n'yan ay kapatid ko pa rin siya. Kami'y gumagawa para sa iisang bagay. Itinatagubilin namin ang aming—aming. . . lahat ng aming mga gawa tungo sa siya ring Kaharian sa ibayo. Siya'y gumagawa ng siya ring bagay gaya ko. Espirituwal na pagkilala, espirituwal na kapahayagan ng Diyos. Tingnan n'yo rito, kung gusto n'yong. . .

91 Si Jesus. . . Nangaral ako nung isang gabi sa isang dako, marahil sa dako roon, "Hindi Gayon Buhat Sa Pasimula." Tayo nga'y babalik sa pasimula para tunghayan ang teksto natin ngayon pansumandali. Sa pasimula si Cain, na intelektuwal, siya'y nagtayo ng mainam na iglesya (maaari nating sabihin), gumawa ng mainam na dambana, naghandog, nanalangin, sinsero, nagpasalamat, nagbayad ng ikapu, saanmang anggulo ay kasing relihiyoso ni Abel.

92 Pero si Abel, (wala pang Biblia noon nung mga araw na 'yun), pero sa pamamagitan ng Espirituwal na kapahayagan ay nakita niya na hindi mga bunga ng kapatagan ang nagbunsod sa atin sa kasalanan, hindi nga dahil sa mansanas na kinain nila. Kita n'yo, hindi mga mansanas, haya't sinabi 'yun sa kanya ng kapahayagan. At di 'yung mga bunga ang nagbunsod sa kanya na mapalabas dun. Bagkus buhay, ang pagkahiwalay sa buhay; kaya nagtungo siya't kumuha ng kordero at inialay 'yun bilang kahalili niya sa pamamagitan ng pananampalataya, espirituwal na kapahayagan. Amen. . .?. . . Ang kapahayagan ng Diyos, espirituwal na kapahayagan na inihayag sa kanya. Hindi nga kung anong bunga, hindi mansanas, hindi durano,

hindi seruwelas at peras. Kundi pagkahiwalay sa buhay, kaya nagtungo siya't kumuha ng buhay at inialay 'yun sa halip na mga bungang prutas.

93 Yang mga bungang prutas na 'yan ay ang inyong. . .mga gawa ng sarili n'yong kamay. Mga bagay na ginagawa n'yo riyan, "Haya't hahayo ako't itatayo ko 'yung *ganito*. Hahayo ako at gagawin ko 'yung *ganito*. Susuporta ako sa *ganoon*." Maiinam 'yan. Siya nga'y may dambana gaya ng ginawa nung isa pa. Kapwa sila may dambana. Mainam 'yan.

94 Pero 'yun nga'y nakabatay sa espirituwal na inihayag na katotohanan tungkol sa bagay na 'yun, dahil inihayag 'yun ng Espiritu ng Diyos, "At sa ibabaw ng batong ito, ang bato kung saan namatay roon si Cristo, ang Bato ng mga kapanahunan, sa ibabaw ng bato kung saan namatay ang kordero ni Abel." Hayun nga si munting Abel habang ipinapatong niya ang mga kamay niya sa ibabaw ng munting kordero na 'yun, at 'yung munti nitong puting balahibo'y naligo sa dugo habang hawak-hawak niya ang isang—isang bato, wala pa silang lanseta nung panahon na 'yun, at tinaga ang munting leeg nang paganoon at tinaga nang tinaga. At ang munting kaawa-awang nilalang na 'yun ay namatay, umaagos ang dugo sa kanyang mga kamay, at 'yung munting balahibong-lana niya'y naliligo sa sariling dugo, umuunga at umiiyak.

95 Ano ang pinatutungkulan nun? Ang Cordero ng Diyos, na mga nasa apat na libong taon pagkatapos nun, ay espirituwal din na inihayag na tatanggihan Siya ng iglesya. At binansagan pa nga Siya ng mga tao na "Beelzebub" at "isang diyablo," yamang lahat ng mga propeta'y ipinangusap na 'yun noon. Tinanggihan nila ang mga propeta. Oh, sabi Niya, "Kayo ang nagtayo ng kanilang mga libingan, at kayo rin ang naglagay sa kanila dun. Kayo na mga pinaputing pader," sinabi Niya 'yun sa kanila. Walang espirituwal na pagkilala, di napagkikilala na 'yun na pala ang Cordero ng Diyos. Na ganun pala ang kanyang pamamaraan at aakto nang ganun, dahil tinutupad lamang niya ang Salita ng Diyos.

96 At ang Iglesyang Espiritu Santo sa panahon ngayon, ay aakto at aakto na ganoon ang kilos, ginaganap ang siya ring mga bagay na ginanap nila, tinutupad ang Salita ng Diyos. Hallelujah! Hindi n'yo ba nakikita? Sabi ni Pedro, nung Araw na 'yun ng Pentecostes, "*Ito* ay Iyon." Tapos sabi niya, "Ito'y ukol sa inyo at sa inyong mga anak, at sila na mga nasa malayo, maging ilan man ang tawagin ng Panginoon nating Diyos."

97 Sila na siya ring mga propetang kinasihan ang nagsabi na magliliwanag ang panggabing Liwanag, magkakaroon ng una't huling ulan na magkalakip gaya nung mga araw ng biyaya. Tingnan n'yo rito. Ano ito? Parating ang unang mga ulan, at ang huling ulan ay natapos na. Pagkatapos magsasanib, at 'yun

ay maglalakip, ang una't huling ulan ay maglalakip, na ang Espiritu Santo'y inihayag sa pamamagitan ng kapangyarihan ng pagkabuhay na mag-uli ni Jesus Cristo. Hayan nga, may paglalakip, ang unang. . . biyaya ng Diyos! Sabi Niya, "Katulad noon sa mga araw ni Noe." Ang Kanyang biyaya'y mahabang pagpapahinuhod. Heto na ito sa panahon ngayon, mahabang pagpapahinuhod, isang pagsasanib. Magdadala ng ulap mula sa lumang mga araw at isang ulap mula sa araw na ito, mayroong paglalakip. Ang unang ulan ang unang tutugaygay, ang unang ulan na nakamit natin, ngayon heto nang parating ang huling ulan, ang unang ulan ay parating na lumalakip sa huling ulan, ang silangan at kanluran ay nagtatagpuan na magkalakip. Ang dalawang ulan na ito'y bubuhos nang magkalakip, Makalangit na pagpapagaling kalakip ang Anghel ng Diyos na inihahayag ang mga lihim ng mga puso at ibinubunsod ang lahat ng mga bagay na mangyari. Oh, mangyayari nga na makikita 'yan ng tunay na mga ipinanganak na muli na mga anak ng Diyos. Hayan nga, ang Espiritu na inihahayag ang kapahayagan. Yun ang sinabi ni Jesus kung saan itatayo ang Iglesya.

98 Buweno, marahil may tatayo't magsasabi, "Buweno, tunay, kami na Ganito-at-ganoon, kami ay itinayo sa ibabaw Niyan."

99 Sige't kunin natin at tugaygayin pa nang husto ang Salita Niya. Yung huling atas Niya sa Kanyang Iglesya, sabi Niya, "Humayo kayo sa buong mundo at ipangaral ang Ebanghelyo sa bawat nilalang." Buong mundo. Gaano ang itatagal nun? Buong mundo. Sa gaanong karami? Bawat nilalang. "Siya na sumasampalataya at mabautismuhan," hindi nga ang iglesya, "siya" tao ang tinutukoy. "Siya na sumasampalataya," ang indibiduwal.

100 Gaya ng nabanggit ni David duPlesiss patungkol sa mga apo-apo, haya't walang apo sa Kaharian ng Diyos, mga anak ang naroon! Ang tatay n'yo marahil ay Pentecostal at kayo'y nagpupunta lang dito sa simbahang ito dahil dumadalo siya rito sa—sa Eleventh at Garfield, natanggap ang Espiritu Santo, samantalang nadala lang kayo bilang isang apo, nagkakamali kayo! Kinakailangan na maihayag ng Diyos ang Sarili Niya sa inyo mismo.

101 At walang tao ang may kakayahan na tumawag kay Jesus na Cristo sa pamamagitan ng intelektuwal na kaisipan. Walang tao ang may kakayahang tumawag kay Jesus na Cristo dahil nakaramdam siya nang pagsisisi sa kanyang mga kasalanan at dudulog at magsisisi. Walang tao ang may kakayahan sa sarili niya na tumawag kay Jesus na Cristo, tanging sa pamamagitan lang ng kapa-. . .ng kapahayagan na 'yun ng Espiritu Santo na inihahayag 'yun sa kanya. "Sa ibabaw ng batong ito ay itatayo Ko ang Aking Iglesya, at ang mga pintuan ng impyerno'y hindi kailanman makakapanaig laban Dito." Hayan nga mismo ang

kapahayagan. Hayan nga ito, sa kung saan Niya itinayo ang Kanyang Iglesya.

102 Sino ang gumawa nun, si Pedro ba? Hindi, hindi, hindi. Sino ang gumawa nun? Sabi ni Cristo, "Ang kapahayagan ng Diyos, ang Espiritu Santo ang magdadala nun sa inyo. Kaunti pang panahon at iiwan Ko kayo, pero idadalangin ko sa Ama at Siya'y magpapadala sa inyo ng Mang-aaliw, na dadalhin ang mga bagay na ito na inyong gunitain." Tama ba? Haya't ang mga bagay na ginagawa Niya sa umagang ito. At ano mismo pagkatapos? "Ipapakita ang mga bagay na ito na darating." Ang Espiritu Santo sa Iglesya sa huling mga araw.

Ngayon sasabihin n'yo, "Kapatid, Hallelujah, iglesya ko ang tinutukoy riyan."

103 Sandali lang po! Sabi ni Jesus, "Sa pamamagitan nito ay malalaman ng mga tao na kayo'y Aking mga disipulo," sa San Juan 13:35, "Sa pamamagitan nito ay malalaman ng mga tao na kayo'y Aking mga disipulo, kapag kayo'y nag-iibigan sa isa't isa." Hayan ang Katotohanan na inihayag ng Espiritu ukol sa Kaharian ng Diyos na parating, nakatunghay sa dulo sa ibayo, nakikita kung ano ang isinisigaw ng mga propeta, nakikita ang bagay na sinalita ni Jesus, at heto ang siya ring Espiritu Santo na nasa inyo na sumisigaw rin bilang tugon, "Tama 'yan! Tama 'yan!" Ano 'yun? Yun nga'y ang espirituwal na inihayag na Katotohanan. Iniibig ko nga ang aking kapatid na di alintana kung saan man siya dumadalong simbahan, siya man ay former o latter, o no rain man, basta't naroon sila sa Katawan ni Cristo, na nagsisikap makaabot. Hindi 'yung sa kung anong ibang pakay na—na sarili ang matanyag sa lupa, bagkus ang layunin ay para sa Kaharian ng Diyos at sa kaluwalhatian ng Kanyang Pagparito, para ihayag at ipabatid ang nalalapit na Niyang Pagpapakita.

104 Ngayon, sa pagtatapos, naisin po nating bulayin ito. "Sa ibabaw ng batong ito ay itatayo Ko ang Aking Iglesya," tama. At pagkatapos makikita natin, sa Juan 14:7, sinabi Niya ito, "Ang mga gawa na Aking ginagawa, ay gagawin din naman ninyo. Ang mga gawa na Aking ginagawa." Anong klaseng mga gawa ang ginawa Niya para maipakilala ang Kanyang Sarili? Naaalala n'yo 'yung tungkol kay Pedro, di po ba? Yung tungkol sa pinag-uusapan natin? Si Felipe? Yung babae sa may balon? Hinula na di pa tutungo sa mga Gentil, pero mangyayari sa huling mga araw, gaya ng pagkakasabi Niya, "Gaya ng mga araw ng Sodoma, ay gayundin ang pagparito ng Anak ng tao." May kapahayagan na nakasulat nang patalinghaga tulad nito, sa labas sa sanlibutan, sa sanlibutan na walang nalalaman tungkol Dito. Pero kayo na mga kalugud-lugod na mga kapatid na lalaki, kayo na mga kapatid na babae, hindi kayo mga anak ng dilim, hindi kayo mga anak ng gabi, kundi mga anak kayo ng Liwanag, na nagsisilakad sa Liwanag yamang Siya'y nasa Liwanag, kung

kaya naman may pagbubuklod tayo sa isa't isa, yamang ang Dugo ni Jesus Cristo, na Anak ng Diyos, ay nililinis ang lahat ng ating mga pagkakasala mula sa ating lahat. Hayan nga kayo, na mga lingkod ng Panginoon.

105 Si Jesus. . .Gaya ng pagkakasipi ko sa Kasulatan ko rito, heto sa Marcos 16, siyanga, Marcos 16, ang sabi Niya, "Humayo kayo sa buong mundo." Heto nga ang uri ng Iglesya na tinatag Niya. Ang huling atas sa Iglesya, "Humayo kayo sa buong mundo, ipangaral ang Ebanghelyo sa bawat nilalang. Ang nananampalataya at nabautismuhan ay maliligtas. Ang hindi nananampalataya'y mapapahamak." Ngayon tingnan n'yo rito, tingnan n'yo ang espirituwal na pagkilalang ito rito. . ."Ang nananampalataya at mabautismuhan." Di Niya saktong sinabi rito kung sa paanong paraan ba, pero heto tayo na panay ang bangayan tungkol dun, kita n'yo, may iba-iba. Kita n'yo, "Ang nananampalataya at mabautismuhan ay maliligtas." Kahit sino pa ang ninanais niyang mabautismuhan, nasa kanya na 'yun. Kung ang mga abuting ito ay para sa Kaharian ng Diyos, sige lang, kapatid. Nagmamartsa tayo sa parehong Espiritu. Kung ako'y mali, kung ganoon ay sabihin n'yo, lalabas at lalabas naman 'yun. At kung kayo ang mali, ganoon din. Pero ang mga puso at mga motibo natin at mga layunin natin ay dapat na para sa Kaharian ng Diyos sa ibayo. Hayan nga tayo patungo sa ibayo, tinuturo natin ang Kalbaryo.

106 Heto ako at ang mga kaisipan ko, hayan nga, may. . .Wala nga akong kapatid na gusto ang cherry pie gaya ng pagkagusto ko dun, pero kami nga'y magkapatid. Kita n'yo? Wala man sa kanila ang may pagkahilig sa pangangaso't pangingisda gaya ng pagkahilig ko, pero haya't magkapatid kami. Nakikita n'yo ba ang ibig kong sabihin? May mga kaisipan ako sa sarili ko, pero di ibig sabihin nun ay di ko na siya kapatid, ang tatay niya ay tatay ko, ang pamilya niya ay pamilya ko. Hayan nga.

107 Ang mga patriyarka man ay iba-iba sa isa't isa, pero may isang ama at ang dapat ay gumanap 'yun sa isang bagay na 'yun, at ang kaso'y tinanggihan nila ang pangunahing isa na 'yun dun dahil siya'y espirituwal. Hindi n'yo ba nakikita Ito, mga kapatid? Hindi n'yo ba nakikita ang ipinapangusap ko?

108 Ngayon pansinin, at tayo'y. . .nasa pagtatapos na, "Humayo kayo sa buong mundo, ipangaral ang Ebanghelyo sa bawat nilalang. Ang nananampalataya at mabautismuhan ay maliligtas. Ang. . ." [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] "At ang mga tandang ito ay lalakip sa kanila na mga nananampalataya; sa Aking Pangalan ay magpapalayas sila ng mga diyablo, sila'y magsasalita sa bagong mga wika." Ano 'yun? Espirituwal na kapahayagan. Kita n'yo? "Sila'y magsasalita sa bagong mga wika. Kung sila'y makahawak ng ahas o makainom ng bagay na nakamamatay, di nila 'yun ikakapahamak. Kung ipapatong nila ang mga kamay nila sa maysakit, sila'y magsisigaling." Yun nga

ang Bagong Iglesya. Yun ang uri ng Iglesya na si Jesus Cristo, itong dakilang Isang ito na ang lahat ng mga propeta'y isinigaw na gagawin Nito. Nasumpungan natin ang Kanyang Espiritu na pumarito at inihula na ang Kanyang Espiritu sa mga tao ay babalik at gagawin ang mga gawa na ginawa Niya noon.

109 Magtatapos na po ako rito sa sasabihin kong ito. May nasa sandosena pa akong mga Kasulatan dito, pero wala na tayong oras. Kita n'yo? Pero pakinggan n'yo lang ito. Magtatapos na po ako sa sasabihin kong ito. Bawat tunay na ipinanganak na muli na propeta ng Panginoon, mangangaral, nagtuturo ng Sunday school, tagakita, apostol, misyunero, anuman siya, ang buong puso niya'y nakalagak, at siya'y puspos na puspos at pinahiran ng Espiritu ng Diyos, ganoon na lamang ang pahid, na anuman ang katungkulan niya, anuman 'yun, mangaral man, o magturo, o mag-ebanghelyo, o makakita ng mga pangitain, anuman 'yun, gagawin at gagawin niya 'yun para sa Kaharian ng Diyos. At ang Espiritu ng Diyos ay tutugon sa pamamagitan ng taong ito at ihahayag na ito'y Kaharian ng Diyos.

110 Tapos tayo. . .Hayan nga ako na isang Baptist, makikita ko kayo na mga Pentecostal, kayo'y kapatid ko. Di man kayo kabilang sa iglesyang Baptist, ako nama'y kabilang. Yun lang ang nag-iisang iglesya na naging kabilang ako, ang iglesyang Baptist nga. Pero di nga 'yun magiging sagabal sa aking daan, yamang nakikita ko ang Espiritu ng Diyos na nariyan sa inyo. Nakikita ko ang sinisikap n'yong gawin. Buweno, kung ako, na isang Baptist, ay ganoon ang pakiramdam ko, sigurado 'yan na ang mga Assemblies, ang mga Church of God, ang mga United Pentecostal, ang mga Independent, at lahat tayo mismo na mga magkakapatid ay marapat lamang na sama-samang makita na nagsisikap tayo na gumanap para sa isang layunin. Tayo po'y magkaroon lamang ng espirituwal na pagkilala.

111 Ngayon pakinggan n'yo. Sa pagtatapos, iiwanan ko lamang ang katagang ito. Marami ang mga maysakit at nanghihina sa kalagitnaan n'yo, at marami ang tulog, espirituwal na patay, dahil wala silang pagkilala sa Katawan ni Cristo. Itong may sakit na katawan na mayroon tayo! Ang Diyos nga'y tulungan tayong magkaroon ng espirituwal na pagkilala ng kapahayagan na 'yun ng Kaharian ng Diyos at ng pag-ibig ng Diyos sa ating mga puso, na ibinubo ng Espiritu Santo sa buong lapad, upang padipain ang mga bisig natin nang unat na unat, sasabihin, "Tayo ay magkakapatid." Nakikita n'yo ang ibig kong sabihin? At bawat munting kaloob na mayroon kayo, huwag n'yo nang tangkain pa na gamitin 'yan para gumawa ng kung anong sikat na bagay na pansarili lang natin ang natataas, gumawa po tayo para sa Kaharian ng Diyos, na makaganap tayo kasama ang bawat isa, na mapagsikap natin na maitaguyod na mapaangat ang layon ni Jesus Cristo, dahil ang Pagparito Niya'y malapit na talaga. Naniniwala ba kayo riyan?

112 Pasensya na po kung napanatili ko kayo nang matagal. Si Kapatid na David po'y paparito bukas para magturo sa inyo ng mga Kasulatan, pero sa oras pong ito ay atin na po munang iyuko ang ating mga ulo pansumandali. [May kapatid na lalaki na nagsasalita sa ibang wika. May kapatid na babae na nagbibigay ng pagsasalin—Pat.] Purihin ang Diyos! Amen.

Onward, Christian soldiers!
Marching as to war,
With the cross of Jesus
Going on before;

We are not divided,
All one body we;
One in hope and doctrine,
One in charity.

Oh, onward, Christian soldiers!

Naniniwala ba kayong isa kayo riyan? Itaas n'yo ang kamay n'yo.

Marching as to war, (dala-dala ang ano?)
With the . . . (ang ating layon) Jesus Going on before.

Pagpalain kayo ng Diyos. Ang inyong pastor.

60-0308 Pagkilala Sa Espiritu
First Assembly Of God
Phoenix, Arizona U.S.A.

TAGALOG

©2020 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

Voice Of God Recordings

P.O. Box 950, Jeffersonville, Indiana 47131 U.S.A.

www.branham.org